## Mayroon bang anumang mga side effect?

Karaniwan ang magkaroon ng pamamaga, pamumula o pananakit sa lugar kung saan ka tinurukan. Minsan mamumuo ang isang maliit na bukol na hindi masakit, ngunit ito ay kadalasang nawawala sa loob ng ilang linggo. Ang mga mas malubhang epekto ay bihira ngunit kasama ang lagnat, sakit ng ulo, pagkahilo o pakiramdam na nanghihina, pakiramdam na may sakit at namamagang mga glandula.

Kung masama ang pakiramdam mo pagkatapos ng pagbabakuna, uminom ng paracetamol. Basahin nang mabuti ang mga tagubilin sa bote o pakete at kunin ang tamang dosis para sa iyong edad. Kung kinakailangan, kumuha ng pangalawang dosis pagkalipas ng 4 hanggang 6 na oras.

Kung ang iyong temperatura ay mataas pa rin pagkatapos ng pangalawang dosis, makipag-usap sa iyong GP o tumawag sa libreng NHS helpline 111.

Kung makaranas ka ng anumang pinaghihinalaang side effect ng bakuna, maaari mong iulat ang mga ito sa Yellow Card website o sa pamamagitan ng pagtawag sa 0800 731 6789 (9am hanggang 5pm Lunes hanggang Biyernes) o sa pamamagitan ng pag-download ng Yellow Card app.
**www.mhra.gov.uk/yellowcard**

**Ngayon ay magandang panahon upang suriin kung ikaw ay napapanahon sa lahat ng iyong mga pagbabakuna**

| Mga pagbabakuna para sa mga kabataan | Mga pagbabakuna sa NHS |
|---|---|

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga pagbabakuna sa mga teenager, bisitahin ang **www.nhs.uk/vaccinations** o basahin ang **https://qrco.de/YoungPeopleImms**



**Hindi pa huli para mahabol ang mga dosis na maaaring nakaligtaan mo.**

Ang polyetong ito ay ginawa ng UK Health Security Agency.

© Crown copyright 2023. 1P 100K HULYO 2023 (APS). Product code: YP3BG1TAG Tagalog. UK Health Security Agency gateway number: 2023186.

Maaaring orderin o i-download ang polyetong ito mula sa: www.healthpublications.gov.uk, sa pamamagitan ng pagtawag sa: 0300 123 1002
(Ang mga linya ay bukas 8am hanggang 6pm Lunes hanggang Biyernes).

Maaaring umorder ng mga papel na kopya ng polyetong ito sa Ingles.

Maaari ding umorder ng mga isinaling bersyon ng polyetong ito.

UK Health Security Agency

# Td/IPV teenage 3 in 1 booster



Magiging karapat-dapat ka para sa 3 in 1 teenage booster dose pagsapit ng 14 na taong gulang o Year 9 sa eksuwela. Ito ay upang maiwasan ang tetano, dipterya at polio. **Ang bakunang Td/IPV ay magpapalakas ng panlaban ng iyong katawan sa mga nakakahawang sakit na ito na maaaring bumaba habang tumatanda ka.**

## Laban saan ako pinoprotektahan ng bakunang ito?

**T**

### Tetano

Ang tetano ay isang sakit na nagdudulot ng matinding pananakit dahil nakakaapekto sa nervous system na maaaring humantong sa pagpulikat ng kalamnan, maging sanhi ng mga problema sa paghinga, at maaaring makamatay. Ito ay naidudulot kapag ang mga mikrobyo na matatagpuan sa lupa at dumi ay nakapasok sa katawan sa pamamagitan ng mga bukas na hiwa o paso/nasunog na balat (burns). Ang tetano ay hindi maipapasa sa pagitan ng mga tao.

**D**

### Dipterya

Ang dipterya ay isang malubhang sakit na kadalasang nagsisimula sa pananakit ng lalamunan at maaaring mabilis na magdulot ng mga problema sa paghinga. Maaari itong makapinsala sa puso at nervous system, at sa malalang kaso, maaari itong makamatay.

**IPV**

### Polio

Ang polio ay isang virus na umaatake sa nervous system na maaaring magdulot ng permanenteng pagkalumpo ng mga kalamnan. Kung ito ay nakakaapekto sa mga kalamnan sa dibdib o sa utak, ang polio ay maaaring makamatay.

Ang teenage booster vaccine ay tinatawag na Revaxis. Maaari mong basahin ang Patient Information Leaflet sa **www.medicines.org.uk/emc/product/5581/pil**

### Kung ako ay nabakunahan laban sa tetano, dipterya at polio noong bata pa ako, ganap na protektado pa rin ba ako?

Hindi, kakailanganin mo pa rin ng booster para madagdagan ang proteksyon na natanggap mo dati.

### Ilang booster ang kailangan ko?

Kailangan mo ng kabuuang 5 dosis ng mga bakunang laban sa tetano, dipterya at polio upang mabuo at mapanatili ang iyong panlaban sa sakit.

Dapat mayroon ka ng:



**unang 3 dosis**
noong sanggol ka



**ika-4 na dosis**
noong ikaw ay nasa pagitan ng 3 at 5 taong gulang, ito ang pre-school booster



**ika-5 dosis**
ay dapat makuha pagsapit ng year 9 sa eskuwela (edad 13 hanggang 14)

### Kailangan ko ba ng higit pang mga booster sa hinaharap?

Malamang ay hindi mo na kakailanganin ang mga karagdagang booster ng mga bakunang ito. Gayunpaman, maaaring kailanganin mo ng mga karagdagang dosis ng ilang bakuna kung bumibisita ka sa ilang bansa o kung mayroon kang sugat o pinsala, maaaring kailangan mo ng isa pang iniksyon laban sa tetano. Tanungin sa iyong practice nurse sa iyong GP surgery.

### Paano ibibigay sa akin ang booster ng Td/IPV?

Makakakuha ka ng 1 iniksyon sa iyong itaas na braso. Walang sinumang gustong magpa-iniksyon, ngunit napakabilis nito. Ang mga karayom na ginagamit ay maliit at mararamdaman mo ang isang maliit na pagtusok lamang. Kung medyo kinakabahan ka tungkol sa pagpapa-iniksyon, sabihin sa nars o doktor bago mo ito ipagawa.

### Mayroon pa bang iba pang mga bakuna na kailangan kong makuha ngayon?

Kapag magpapabakuna ka na ng iyong booster laban sa Td/IPV, magiging karapat-dapat ka rin para sa iyong MenACWY vaccine. Dapat magpaturok ka nito bago ka umalis sa paaralan. Kausapin ang iyong nars sa paaralan kung nakaligtaan mo ito at nasa paaralan pa rin. Kung umalis ka na sa paaralan, dapat kang makipag-ugnayan sa iyong GP practice upang ayusin ang paghahabol. Magandang ideya na tanungin sa iyong GP practice kung napapanahon ang lahat ng iba mo pang pagbabakuna kasama ang HPV at MMR (measles, mumps at rubella).

**Kung hindi ka pa nabakunahan kailanman laban sa MMR, dapat kang mabigyan ng isang dosis ngayon at isa pa pagkalipas ng 1 buwan upang maprotektahan ka mula sa measles (tigdas), mumps (beke) at rubella.**

